**DALOY**

# COSMIC ROSARY

## PAANYAYA SA PANALANGIN

(Tunog ng Instrumento -halimbawa: tambol, tambuli…)

**TAGAPAMUNO:**

Sa mga misteryo ng Santo Rosaryo, pinagninilayan natin ang mga 'Makapangyarihang Gawa ng Diyos." Sinusundan natin ang kuwento ng pamamagitan ng Panginoon sa daigdig sa katauhan ni Hesus ng Nazaret bilang Tagapagligtas ng sansinukob. Siya 'ang Salita ng Diyos…at sa pamamagitan niya nilikha ang lahat ng bagay at walang anumang nalikha nang hindi sa pamamagitan niya.' (Juan 1:1,3)

Ngayong gabi, ating pagninilayan ang mga Misteryo ng Tuwa sa pananaw ng sangnilikha. Inilalahad sa atin ng mga misteryong ito ang kaganapan ng plano ng Diyos para sa Kanyang mga nilalang sa paglilihi at pagsilang kay Hesus.

Sa loob ng labing-tatlong bilyon at pitong daang libong taon, ang sangnilikha ay nagpagal at nagsilang ng enerhiya, materya, mga bituin, mga galaksi at mga planeta tulad ng ating mundo, na nagbunga ng mga ekosistema at samu't saring anyo ng buhay, hanggang sa dakong huli lumitaw ang tao.

Ang lahat ng pagsisikap na ito ay nangyari upang maisakatuparan ang nais ng Diyos na mabatid at makilala Siya sa pamamagitan ng 'gawa ng kanyang mga kamay', ang mithiin ng Diyos na magmahal at mahalin din ng kaniyang mga nilalang.

Sa mundo, ito'y maaari lamang mangyari sa paglitaw ng tao – isang nilalang na may kakayahang matuto at may kamalayang magmahal.

Ang kaganapan ng prosesong ito ay humantong sa pagsilang ni Hesus. Siya ay kumakatawan hindi lamang sa Kanyang sarili ngunit sa buong sangkatauhan at tunay nga, sa buong sangnilikha.

Sa misteryong ito ng pagsilang ni Hesus, ang Diyos ay nagkatawang-tao, at ating namamalas ang dakilang pag-iisang dibdib ng Manlilikha at ng Kanyang Sangnilikha.

Mahalaga ang gampanin ni Maria sa lahat ng ito, kaya naman marapat ang pagpaparangal na binibigay natin sa kanya sa Santo Rosaryo.

**PAMBUNGAD NA AWIT:** (maaari rin po ninyong palitan ng Tagalog)

*Hail Mary, full of grace, the Lord is with you*
*Blessed are you among women and blessed is the fruit*
*of your womb, Jesus*

*Holy Mary, Mother of God,*
*Pray for us sinners now*
*And at the hour of our death. Amen.*

***PAGSINDI NG KANDILANG PAMPASKUA***

## PAMBUNGAD NA PANALANGIN: ANG KRISTIYANONG PANALANGIN KASAMA ANG SANGNILIKHA

**TAGAPAMUNO:** Sabay-sabay nating dasalin Ang Kristiyanong Panalangin Kasama ang Sangnilikha.

**LAHAT:**

Pinupuri ka namin Ama, Kasama ng lahat mong nilalang,
na nagmula sa iyong makapangyarihang kamay.
Sila ay iyo, at sila ay puspos ng iyong pananatili at pagkalinga.
Purihin ka!

Anak ng Diyos, Hesus, sa pamamagitan mo, nilikha ang lahat ng bagay,
nagkahugis ka sa sinapupunan ni Maria, naging bahagi ng daigdig na ito,
at pinagmasdan itong mundo gamit ang mga matang tulad ng sa amin.

Ngayon, nabubuhay ka sa bawat nilalang
sa kaluwalhatian ng iyong muling pagkabuhay.
Purihin ka!

Espiritu Santo, sa iyong liwanag, itinuon mo ang daigdig na ito
sa pag-ibig ng Ama at sinamahan ang pagdaing ng sangnilikha.

Nabuhay ka rin sa aming mga puso upang itulak kami sa kabutihan.
Purihin ka!

Diyos na Isa at Santatlo,
kamahal-mahalang pamayanan ng pag-ibig na walang hanggan,
turuan mo kaming pagmasdan ka sa kagandahan ng sanlibutan,
kung saan ang lahat ay nangungusap sa amin tungkol sa iyo.

Pukawin mo ang aming papuri at pasasalamat
para sa bawat nilalang na iyong nilikha.

Ipagkaloob mo sa amin ang biyayang maramdaman
na ang aming mga sarili ay mahigpit na kaugnay ng lahat na umiiral.

Diyos ng pag-ibig, ipakita mo sa amin
ang aming puwang sa daigdig na ito,
bilang mga kasangkapan ng iyong pagkalinga
para sa lahat ng nilalang sa daigdig na ito,
sapagkat wala ni alinman sa kanila ang Iyong nakakalimutan.

Liwanagan mo ang mga magmamay-ari ng kapangyarihan at salapi
upang maiwasan nila ang kasalanan ng kawalan ng pakialam,
ibigin ang ikabubuti ng lahat, isulong ang mga mahihina,
at pangalagaan itong daigdig na aming tinitirhan.

Ang mga mahihirap at ang lupa ay nagsusumigaw:

***Panginoon, dalhin mo kami sa isa't-isa,***
***sa iyong kapangyarihan at liwanag...***
***upang pangalagaan ang lahat ng buhay,***
***upang ihanda ang isang mas mabuting hinaharap,***
***upang mapasaamin ang iyong Kaharian ng katarungan,***
***kapayapaan, pag-ibig at kagandahan. Purihin ka. Amen.***

**AWIT PARA SA SANGNILIKHA:**
(maaari rin po ninyong palitan ng ibang angkop na awitin)

***Praise God the Lord***

*Praise God the Lord of Strength and Beauty*
*Who formed the mountains and the seas*
*Who gave me sense and sights and hearing*
*And I so small, so very small*
*What can I give for thee?*

*You made the sun, the moon, the heavens*
*All fashioned in great design*
*You made me able to perceived them*
*And I so small, so very small*
*What can I give of mine?*

*And then a gift beyond all other*
*You gave your son to die for me*
*His flawless life a perfect sacrifice*
*And I so small, so very small*
*My deed eternally*

*For all the priceless gift you've given*
*What can I offer in return*
*With humble heart, Great Joy and gladness too*
*I give my life, I give my life. I give my life for you*
*I do.*

***KATAHIMIKAN*** *(maaaring magpatugtog ng instrumental music)*

# ANG BANAL NA ROSARYO

**TAGAPAMUNO:** Sabay-sabay nating ngayon dasalin ang Santo Rosaryo…

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo

**LAHAT:** Amen.

## KREDO

Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,
na may gawa ng langit at lupa.
Sumasampalataya naman ako kay Hesukristong iisang anak ng Diyos,
Panginoon nating lahat; nagkatawang-tao siya
lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.

Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing.
nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.
Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli, umakyat sa langit,
naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Doon magmumula ang paririto't huhukom
sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo,
sa Banal na simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga santo,
sa kapatawaran ng mga kasalanan,
sa pagkabuhay na mag-uli ng mga namatay na tao,
at sa buhay na walang hanggan. Amen.

## AMA NAMIN

Ama namin sumasalangit ka. Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo, dito sa lupa para nang sa Langit.

Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw,
at patawarin mo kami sa aming mga sala,
para nang pagpapatawad namin, sa nagkakasala na amin;
at huwag mo kaming ipahintulot sa tukso,
at iadya mo kami sa lahat ng masama. Amen.

## ABA BIRHENG MARIA

Aba Birheng Maria, napupuno ka ng grasya,
ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaing lahat,
at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
ipanalangin mo kaming makasalanan,
ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.

## LUWALHATI

Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman,
at magpasawalang hanggan. Amen.

**AWIT:** (maaari rin po ninyong palitan ng ibang awitin para kay Maria)

*REMEMBER, O MARY IMMACULATE*

*Remember, O Mary Immaculate Virgin,*
*That never was it known, that anyone who comes*
*to your protection was left unassisted*

*Chorus:* *O Mary conceived without sin,*
*Pray for us who have recourse to you*
*O Mary conceived without sin, pray for us, pray for ss*

*With such great confidence,*
*Immaculate mother*
*To you we humbly come,*
*Immaculate virgin,*
*Before you we stand, sinful yet sorrowful*

*Chorus:* *O Mary conceived without sin,*
*Pray for us who have recourse to you*
*O Mary conceived without sin, pray for us, pray for us*

**TAGAPAMUNO:** Unang Misteryo ng Tuwa:
**ANG PAGBATI NG ANGHEL SA MAHAL NA BIRHEN**

**TAGABASA 1:**

***Ang anghel Gabriel ay isinugo ng Diyos upang ihayag sa isang dalagita 'ang Misteryong inilihim sa mahabang panahon'. Nagpakita ang Panginoon kay Maria upang ihayag sa kanya na siya ay napiling maging kaisa ng Kanyang Sangnilikha. Ang kaganapan nito ay nakasalalay sa tugon ng dalagita.***

***At hindi nabigo ang Diyos sa kanyang tugon:***
***"Mangyari nawa sa akin ayon sa wika mo."***
***At ang salita ay nagkatawang-tao!***
***Patuloy ang paglapit ng Diyos sa ating henerasyon upang himukin tayo na baguhin ang ating paraan ng pamumuhay, at huwag wasakin ang 'mga gawa ng kanyang mga kamay'.***
***Nawa'y bukas-palad tayong tumugon tulad ni Maria.***

***SANDALING KATAHIMIKAN*** *(mga 2 minutong pagninilay)*

**AMA NAMIN**

Ama namin sumasalangit ka. Sambahin ang ngalan mo.
Mapasaamin ang kaharian mo.
Sundin ang loob mo, dito sa lupa para nang sa Langit.

Bigyan mo kami ngayon ng aming kakanin sa araw-araw,
at patawarin mo kami sa aming mga sala,
para nang pagpapatawad namin, sa nagkakasala na amin;
at huwag mo kaming ipahintulot sa tukso,
at iadya mo kami sa lahat ng masama. Amen.

**ABA BIRHENG MARIA (10 x)**

Aba Birheng Maria, Napupuno ka ng grasya,
Ang Panginoong Diyos ay Sumasaiyo,
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat,
at pinagpala naman ang iyong anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan,
ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.

**LUWALHATI**

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo.

Kapara noong unang-una, ngayon at magpakailanman;
at magpasawalang hanggan.   Amen.

**AWIT:** (maaari rin po ninyong palitan ng ibang angkop na awitin)

*BE NOT AFRAID*

*You shall cross the barren desert, but you shall not die of thirst.*
*You shall wander far in safety though you do not know the way.*
*You shall speak your words in foreign lands and all will understand.*
*You shall see the face of god and live.*

*CHORUS:* *Be not afraid, I go before you always.*
*Come, follow me, and i will give you rest.*

*If you pass through raging waters in the sea, you shall not drown.*
*If you walk amid the burning flames, you shall not be harmed.*

CHORUS: *Be not afraid I go before you always.*
*Come, follow me, and i will give you rest*

*Blessed are your poor, for the kingdom shall be theirs.*
*Blest are you that weep and mourn, for one day you shall laugh*

*And if wicked tongues insult and hate you all because of me,*
*blessed, blessed are you*

*CHORUS:* *Be not afraid I go before you always.*
*Come, follow me, and i will give you rest*

**TAGAPAMUNO**: Ang pangalawang Misteryo ng Tuwa:
**ANG PAGDALAW NG BIRHENG MARIA KAY ISABEL**

**TAGABASA 2:**

***Ang Pagdalaw ay ang pagtatagpo ng dalawang babaeng nangangalaga sa isa't-isa sa panahon ng kanilang pagdadalantao. Sila ay kapwa biniyayaan ng Diyos, ang isa sa kawalan ng kakayahan magkaanak dala ng kanyang katandaan at ang isa'y sa pagkadalisay ng kanyang kabataan.***

***Ang kuwento ay tumutukoy sa mapagkalingang katangian ng pambabaeng enerhiya. Ito ang uri ng enerhiya na minamaliit sa mundo na siyang naghatid sa atin sa kasalukuyang krisis ng patuloy na pagtaas ng sandaigdigang temperatura o pagbabago ng klima.***

***Kabaligtaran nito ang panlalaking enerhiya na ang diin ay ang pakikipagtagisan, pangingibabaw at pagsasamantala. Ito ngayon ang naghahari sa ating mundo, sa kapinsalaan ng pambabaeng enerhiya ng pag-aaruga sa mahihina, pangagalaga sa lahat, at mapayapa at maayos na ugnayan.***

***Nawa'y magsilbing inspirasyon sa atin sina Maria at Isabel at nawa'y matularan natin ang pinapamalas nilang pagkalinga sa isa't-isa at sa lahat ng nilalang ng Diyos.***

***SANDALING KATAHIMIKAN*** *(mga 2 minutong pagninilay)*

**AMA NAMIN, ABA BIRHENG MARIA (10 X), LUWALHATI**

**AWIT:** (maaari rin po ninyong palitan ng ibang awitin para kay Maria)

*HOLY MOTHER OF OUR SAVIOR*

*Holy mother of our savior, the spirit dwells in you,*
*Oh, how great is your beauty and the grace bestowed on you.*
*Holy mother of our savior, blessed are you,*
*From among all women, God had chosen you*

*CHORUS: O blessed Mary, your faith is everlasting,*
*Remaining ever virgin, your heart immaculate,*
*O blessed Mary, mother of god,*
*Lead us with your gentle hand to Christ,*
*Your only son.*

**TAGAPAMUNO:** Ikatlong Misteryo ng Tuwa:
**ANG PAGSILANG NG ATING PANGINOONG HESUS**

**TAGABASA 3:**

***Ayon sa mga batas ng kalikasan, ang Diyos na nagkatawang-tao ay isinilang pagkaraan ng siyam na buwang pagdadalantao ni Maria. Sa abang kapaligiran, ang Manlilikhang Manunubos ay isinilang.***

***Ang kalangitan, ang lahat ng mga anghel sa langit at ang buong mundo ay nagsaya sapagkat ang kasaysayan ay di na muling magiging katulad ng dati.***

***Ang mga unang nakasaksi rito ay ang mga abang pastol, na kung sa ating panahon, ay ang mga tinatawag na 'watch your car boys' o tagabantay ng mga pinaparkeng sasakyan. Hindi agad naunawaan ni Maria ang mga pangyayari subalit 'ang lahat ng ito'y kanyang pinahahalagahan sa kanyang puso'.***

***Maaaring di natin maunawaan ang mga masalimuot na epekto ng pagtaas ng sandaigdigang temperatura at pagbabago ng klima o ng kasalukuyang krisis pangkalikasan, subalit pinahahalagahan natin sa ating mga puso ang dakilang niloloob ng Diyos para sa sangnilikha: "na ang lahat ay magkaroon ng buhay na ganap at kasiya-siya".***

***SANDALING KATAHIMIKAN*** *(mga 2 minutong pagninilay)*

**AMA NAMIN, ABA BIRHENG MARIA (10 X), LUWALHATI**

**AWIT:** (maaari rin po ninyong palitan ng ibang angkop na awitin)

***Kahanga-Hanga*** ***(ibang version po yata ito)***

*Kahanga-hanga ang iyong pangalan,*
*O Panginoon sa sangkalupaan,*
*ipagbunyi ang iyong kamahalan sa buong kalangitan*

*Pinagmasdan ko ang langit na gawa ng iyong kamay*
*Ang bawat mga bituin na sa langit iyong nilagay*
*Diyos sa kalangitan, sa buong kalangitan*
*O Diyos, kahanga hang ang iyong pangalan*

*O sino kaya siyang tao*
*Na iyong pinagmasdan, ginawa mong angel sa kalangitan*
*Pinuno mo ng karangalan*
*Diyos sa Kalangitan sa buong kalangitan*
*O Diyos, kahanga-hanga ang iyong pangalan*

**TAGAPAMUNO**: Ika-Apat ng Misteryo ng Tuwa:
**ANG PAGHAHAIN KAY HESUS SA TEMPLO**

**TAGABASA 4:**

***Ang Diyos na nagkatawang-tao ay tumupad sa mga nakasaad sa Batas at siya ay ipinatuli.***
***Sa Templo, kanilang natagpuan sina Simeon at Ana, dalawang matandang puspos ng karunungan na nagpapahalaga sa mga pangako ng Diyos Ama para sa sansinukob.***

***Si Maria ay pinagkalooban ng malalim na pang-unawa sa kanyang haharapin: "At sa kaibuturan ng iyong puso, tila isang balaraw ang tatarak". Si Maria ay magiging bahagi sa Misteryo Paskual bilang Inang Tumatangis.***

***Ating tularan si Maria at ipangako sa harap ng Diyos na handa nating tanggapin ang anumang paghihirap at sakripisyong kinakailangan gawin alang-alang sa buhay ng ating planetang mundo. Malaking sakripisyo sa paraan ng ating pamumuhay ang kinakailangan nating gawin upang mapababa ang kasalukuyang lebel ng 'carbon dioxide' na umabot na sa 411 ppm (parts per million). Ito ay kinakailangang bumaba sa lebel na 350ppm (parts per million).***

***SANDALING KATAHIMIKAN*** *(mga 2 minutong pagninilay)*

**AMA NAMIN, ABA BIRHENG MARIA (10 X), LUWALHATI**

**AWIT:** (maaari rin po ninyong palitan ng ibang angkop na awitin)

WHEN CREATION WAS BEGUN

*When creation was begun*
*God had chosen you to be*
*Mother of his blessed son*
*Holy Mary full of grace*
*Ave, Ave, Ave Maria.*

*When creation was restored*
*You were there beside the Lord*
*Whom you cherished and adored*
*Holy Mary full of grace*
*Ave, Ave, Ave Maria.*

*Lead us to your child above*
*He will teach us how to love*
*How to pity and forgive*
*Holy Mary full of grace*
*Ave, Ave, Ave Maria.*

*Praise the Father and the Son*
*And the Spirit three-in-one*
*As it was when time began*
*Now and evermore.*
*Ave, Ave, Ave Maria.*

*All of us are children too,*
*Often doubtful what to do,*
*Needing to confide in you.*
*Holy Mary full of grace*
*Ave, Ave, Ave Maria.*

**TAGAPAMUNO:** Ikalimang Misteryo ng Tuwa**:**
**ANG PAGKAKITA KAY HESUS SA TEMPLO**

**TAGABASA 5:**

***Ang bata ay nasa Templo. Siya ay 'gumagawa ng mga gawain ng kanyang Ama'. Siya ay nakikinig sa mga nakatatanda at siya'y nagtatanong sa kanila. Natututo siya sa karunungang nauna sa kanya.***

***Bilang mga taong namumuhay sa gitna ng modernong agham at teknolohiya, kaya ba nating kilalanin ang karunungan ng ating mga ninuno lalo na ng ating mga katutubong ninuno?***

***Mapagkumbaba natin silang lapitan at hilingin sa kanila na ituro sa atin ang kanilang mga nalalaman tungkol sa sangnilikha; na ito ay buhay at banal, at di isang koleksiyon ng mga bagay na ginawa lamang para sa ikabubuti ng tao.***

***Pahintulutan natin silang turuan tayo kung paano maririnig ang tinig ng Diyos sa "daing ng Inang Lupa at daing ng mga dukha"; at tulungan tayo na pagdaanan ang makakalikasang pagbabago o 'ecological conversion' na ipinapanawagan ni Papa Francisco sa Laudato Si.***

***SANDALING KATAHIMIKAN*** *(mga 2 minutong pagninilay)*

**AMA NAMIN, ABA BIRHENG MARIA (10 X), LUWALHATI**

**LAHAT:**

Aba Po Santa Mariang Reyna, Ina ng Awa.
Ikaw ang kabuhayan at katamisan;
Aba pinananaligan ka namin.
Ikaw nga po ang tinatawag namin, pinapanaw na taong anak ni Eva.
Ikaw rin ang pinagbubuntung- hininga namin
ng aming pagtangis dito sa lupang bayang kahapis-hapis.

Ay aba, pintakasi ka namin,
ilingon mo sa amin ang mga mata mong maawain,
At saka kung matapos yaring pagpanaw sa amin,
Ipakita mo sa amin ang iyong Anak na si Hesus.
Santa Maria, Ina ng Diyos, maawain, maalam at matamis na Birhen.

**TAGAPAMUNO**: Ipanalangin mo kami, O Santang Ina ng Diyos
ng Kasantu-santohang Rosaryo.

**LAHAT:** Nang kami'y maging karapat-dapat sa mga pangako ni Hesukristo.

**TAGAPAMUNO:** Manalangin tayo.

**LAHAT:** O Diyos, na ang bugtong na anak ay nabuhay, namatay at muling nabuhay, upang tamuhin para sa amin ang gantimpala ng walang katapusang kaligtasan, aming isinasamo na ipagkaloob mo sa amin , sa pag-didili-dili ng mga misteryo ng kasantu-santuhang rosaryo, ng kamahal -mahalang Birheng Maria, na matularan ang kanilang nilalaman at matamo ang kanilang ipinangangako sa tulong ng aming Panginoon. Siya nawa.

**-------------------para sa Our Lady of Remedies Parish--------------------**

(maaari rin po ninyong gayahin at iangkop sainyong lugar)

**TAGAPAMUNO:** Inaanyayahan ang lahat na sabayan natin sa pag-awit ang ating koro at habang tayo ay umaawit, gagabayan po kayo ng mga miyembro ng CEM upang isa- isang kunin ang mga tanim na nakapalibot kay Maria, ang Ina ng Kalikasan. Inihahandog ni Maria sa atin ang biyaya ng buhay. Nawa ito'y maging simbolo ng pagpapahalaga natin sa lahat ng bagay na nilikha ng Diyos at magsilbing panawagan sa ating lahat na patimuhin sa ating mga puso at isipan ang ating responsibilidad na pangalagaan ang sangnilikha**.**

**------------------------------------------------------------------------------------**

**AWIT:**

<u>*AWIT NG SANTO ROSARYO*</u>

*Minsan ang buhay ay isang awit ng galak*
*At mayroong liwanag na tatanglaw s'ting pagyapak*
*Minsan ang buhay ay isang awit ng luha*
*At siyang papawi nito ay ang pag-asa ng umaga*

*At kahit anong tindi ng unos*
*At kahit anong tindi ng dilim may isang inang*
*Nagmamatyag nagmamahal sa 'tin*

*Awit niya'y pag-ibig ng diyos, tawag niya'y magbalik-loob turo niya'y buhay na ang diyos lamang sa ati'y nagkaloob.*

*O Inang mahal,*
*Narito kami't awit awit ang Ave Maria!*
*At dalangin ng bawa't pamilya'y kapayapaan at pagkakaisa.*
*Ihatid mo kami sa langit ng amang mapagmahal.*

**TAGAPAMUNO:** Sabay sabay nating dasalin ang

**Panalangin Para Sa Ating Daigdig mula sa Laudato Si.**

**LAHAT:**

Diyos na makapangyarihan sa lahat,
na nanahan sa buong sanlibutan at sa pinakamaliit na nilalang.

Ikaw, na yumakap sa iyong pagkalinga sa lahat ng umiiral,
Ibuhos mo sa amin ang lakas ng iyong pag-ibig
upang mapangalagaan namin ang buhayat ang kagandahan.

Punuin mo kami ng kapayapaan,
upang mamuhay kami bilang mga magkakapatid
na hindi sinasaktan ang sinuman.

Diyos ng mga dukha, tulungan mo kaming sagipin ang mga pinabayaan at kinalimutan ng daigdig na ito na lubhang mahal sa iyong mga mata,

Hilumin mo ang aming mga buhay,
upang kami ay maging mga tagapagtangol ng daigdig
at hindi mananamantala,
upang kami ay magtanim ng kariktan at hindi polusyon at pagkasira.

Hipuin mo ang mga puso ng mga naghahanap lang ng pakinabang kapalit ng mga mahihirap at ng daigdig.

Turuan mo kaming tuklasin ang halaga ng bawat bagay,
magmasid nang may paghanga at kilalanin na kami
ay malalim na kaugnay ng lahat ng nilalang
sa aming pagtahak tungo sa isang walang-hanggang liwanag.

Salamat dahil Kayo ay kasama namin sa araw-araw,
Palakasin ninyo po ang aming loob, pakiusap,
sa aming pakikibaka para sa katarungan,
sa pag-ibig at kapayapaan. Amen.

**PANGWAKAS NA AWIT:**
(maaari rin po ninyong palitan ng ibang angkop na awitin)

***CANTICLE OF THE SUN***

Refrain : The heavens are telling the glory of God,
And all creation is shouting for joy!
Come, dance in the forest, come, play in the field,
And sing, sing to the glory of the Lord!

Verse One: Praise for the sun, the bringer of day,
he carries the light of the Lord in his rays;
the moon and the stars who light up the way unto your throne

Verse Two: Praise for the wind that blows through the trees, the seas' mighty storms, the gentlest breeze; they blow where they will,
they blow where they please to please the Lord!

Verse Three: Praise for the rain that waters our fields,
and blesses our crops so all the earth yields;
from death unto life her mystery revealed springs forth in joy!

Verse Four: Praise for the fire who gives us his light,
the warmth of the sun to brighten our night;
he dances with joy, his spirit so bright, he sings of you!

**TAGAPAMUNO:**
SA NGALAN NG DIYOS AMA, DIYOS ANAK, DIYOS ESPIRITU SANTO.

**LAHAT:** AMEN.